

Inuyama Multilingual News

Publishing•Editing:
Inuyama International Association
Petsa ng paglathala : 2023.9.29
Bersiyong Tagalog (No. 7)

Nais kong magtayo ng paaralan sa Uzbekistan at tumulong sa pagpagawa ng tulay sa pagitan ng Japan at Uzbekistan.



Mr. Zoirov Makulbek
Nasyonalidad : Uzbekistan
Dumating sa Japan :
Disyembre 2020
Second year student sa Nagoya
University of Economics



Dahilan kung bakit nag-aral sa Japan :

Interesado ako sa kasaysayan ng Japan, Noong panahon ng Meiji Era (1868-1912), itinatag ang konstitusyon pagkatapos nilang matuto mula sa Germany at France, naging malakas ang bansang Japan sa usapin ng batas, at naisip kong matuto mula sa kanila. Maraming naunang mag-aral sa akin sa Nagoya University of Economics na nagmula sa Uzbekistan.

Tungkol sa Nihongo :

Nag-aral ako ng hiragana at katakana sa sariling pagsisikap sa loob ng kalahating taon, nagtungo sa Japan pagkatapos kong pumasa ng N5. Pagdating ko rito, nag-aral ako ng 1 taon sa isang language school sa Nagoya. Habang nag-aaral ng nihongo ay nagdesisyon ako kung saang unibersidad ako mag-aaral. Ang kasama kong nag-aaral ay mga hapon, ang leksiyon ay sa wikang nihongo, napakahirap ng kanji.

Pangarap para sa kinabukasan :

Ang Uzbekistan ay bagong naitatag na bansa, kaya naman nahihirapan ito sa edukasyon. Kapag ako ay makatapos na ng pag-aaral sa Japan at makabalik ng aking sariling bansa, nais kong ibahagi ang alituntunin ng edukasyon at kurikulum sa kolehiyo, nais kong lumikha ng sistemang mapag-aaralan sa Uzbekistan man o sa Japan. Ang mga unibersidad sa bansang Japan ay angkop sa edukasyon at walang diskriminasyon na nagtuturo sa mga banyagang mag-aaral. Ang aking espesyalidad ay Batas, ngunit nais kong matutunan pati na rin ng Ingles at Araling Panlipunan. Gayundin naman, gusto ko ring matutunan ang tungkol sa kanilang lipunan, kultura, wikang nihongo at batas ng kanilang bansa.

Buhay sa Japan :

Mayroong pagkakaiba pagdating sa relihiyon. Sa Japan, maraming produkto ang naglalaman ng sake (alak na ginagamit sa pagluluto) at baboy. Ako ay isang muslim, kaya bumibili ako ng Halal na pagkain (pagkain ng muslim) sa mga tindahan nito at ako mismo ang nagluluto nito.

Tungkol sa Uzbekistan :

Sa Uzbekistan, kahit na sino ay maaaring dumalo sa isang kasalan. Ang kasiyahan ay pagsasaluhan ng lahat, at may kaugaliang pinasasaya ang lahat ng mga panauhin. Nakikipag-usap rin ako sa aking mga kapitbahay, pinagagalitan ko ang mga batang anak kahit ng ibang tao kung sila ay may maling ginagawa.

Upang mamuhay ng mapayapa at mayroong pagkakaisa:

Makabubuting makipag-usap sa kapamilya, kamag-anak at kapitbahay hangga't maaari. Kung magkakaroon ng komunikasyon ng walang sagabal, kapwa kayo magiging masaya. Sa Uzbekistan, ordinaryo na ang pakikisama sa kapamilya at kapitbahay, kaya naman kung ikaw ay magkaroon ng problema ay tiyak na mayroon kang malalapitan.

Mensahe sa mga banyaga:

Hangga't maaari ay magsaliksik at magkaroon ng kaalaman tungkol sa bansang Japan bago pa magtungo rito. Katulad na lang ng alituntunin hinggil sa oras ng pagtatrabaho. Maayos sumagot ang mga hapon kapag sila ay iyong tinanong. Magkaroon ng kusa sa pagtatanong.

Mensahe sa mga Hapon :

Ang bilang ng mga banyaga ay mas tataas pa sa hinaharap, nais ko sanang mas malaman ninyo ang tungkol sa ibang bansa. Makipag-usap ng 2 o 3 beses at sila ay mauunawaan rin ninyo.





















※Sa relihiyong Islam, Ang Diyos ay may pinahihintulutang pagkain. Kinakailangang iproseso ang karne ng baka at manok nang maayos pagkatapos itong dasalan.

Alamin ang tungkol sa mga taong may limitasyon sa pagkain!

May gusto ba kayong pagkain? O kumakain ba kayo ng kahit na anong pagkain na gusto ninyo? May mga tao sa paligid natin na may limitasyon sa pagkain dahil sa kanilang relihiyon, allergy o gawi ng pamumuhay.

Ipinapakita sa ibabang talahanayan ang halimbawa.

Kapag nag-imbita o nag-alok ng pagkain, tiyakin hindi lamang ang gustong kainin kundi pati na rin kung ano ang limitasyon nila.

Relihiyon, Konstitusyon, Kaugalian	Hindi matukoy na sangkap	Dapat isaalang-alang
Islam  Halal mark	  	<ul style="list-style-type: none"> • Ang baboy (kabilang ang mga naprosesong produkto ng baboy, katas ng baboy at gelatin) at alkohol (kabilang ang mirin, cooking sake at wine vinegar) ay hindi pinahihintulutan. • Ang karneng baka at manok ay kinakailangang Halal (proseso ng karne alinsunod sa batas ng Islam). Maaaring makita ang markang ito kapag bumili ng pagkain sa isang Asian food store. Ito ay tinatawag na "Halal Mark" at nagpapahiwatig na ang pagkain ay maaaring kainin ng mga Muslim. Ano ang "Halal"? Ang Halal" ay nangangahulugang "matuwid" ayon sa Koran, ang banal na aklat ng mga Muslim. Maaari ring kainin kahit nang mga hindi muslim ang Halal!
Kristiyanismo		<ul style="list-style-type: none"> • Hindi pinapaboran ng ilang sekta ng relihiyon ang pag-inom ng alak.
Hinduismo		<ul style="list-style-type: none"> • Ang karneng baka at mga pagkain na naglalaman ng mga sangkap na nagmula sa karneng baka ay hindi pinahihintulutan.
Hudaismo	   	<ul style="list-style-type: none"> • Ang mga baboy, pusit, pugita at shellfish ay bawal kainin. • Ang pag-iingat ay dapat gawin kapag pinagsasama ang mga pagkain (hal. mga produkto ng pagawaan ng gatas at mga pagkaing karne ay hindi dapat kainin nang magkasama).
Allergy pagkain	  	<ul style="list-style-type: none"> • Crustacean allergy (nagaganap ang mga allergic reaction kapag kumakain ng hipon, alimango, atbp.). Crustacean allergy (allergic reaction sa pagkain ng hipon). • Allergy sa gatas ng baka (kawalan ng kakayahang kumain ng gatas ng baka o anumang bagay na naglalaman ng gatas ng baka).
Vegetarian	 	<ul style="list-style-type: none"> • Mga allergy sa mga produktong hayop tulad ng karne at isda, ngunit hindi sa mga produktong gulay tulad ng mga halamang gulay. Ang ilan ay maaaring kumain ng mga itlog, gatas, at keso.
Vegan	    	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi kumakain ng pagkain na nanggaling sa hayop (kabilang ang gatas, itlog at keso).

(Source: "Let's Create a Multicultural Society Together (Aichi Prefecture)" and "Support Guidebook for Enjoying a Safe and Secure Life in Aichi Prefecture (Aichi Prefecture)")

Ipinalilala ang isang taong nag-aaral ng mabuti sa Inuyama Japanese Language Class!



Ms. Yamashita
Seiko
Nasyonalidad :
Chinese
Dumating sa
Japan :
Taong 2017
Trabaho :
Housewife



Mababait ang mga tao sa nihongo classroom. Mula Lunes hanggang Biyernes, nag-aaral rin ako ng nihongo sa ibang paaralan. Interesado ako sa sushi, tempura at iba pang pagkaing hapon, templo, kastilyo at sa lumang kultura nito. Mag-aaral pa ako nang husto ng nihongo, nais kong maging isang coordinator o interpreter at magbigay suporta sa mga banyagang sa hinaharap.

<Komento mula kay Niwa Akira, volunteer in charge>

Napakabilis niyang matuto. Nagulat ako nang malaman kong nag-aaral siya sa bahay ng limang oras araw-araw. Nang tuturuan ko sana siya ng katakana sa nihongo classroom, nagulat ako nang makita kong nag-aaral siyang mag-isa at marunong na siyang magbasa at sumulat ng katakana! Kung patuloy siyang magsusumikap sa kanyang pag-aaral, makakapagtrabaho siya bilang coordinator o interpreter sa pagitan ng Japan at China, katulad ng kanyang layunin. Pagbutihin pa niya. Susuportahan ko siya sa abot ng aking makakaya.

※Inuyama Japanese Classroom ⇒



Makipag-usap tayo sa mga taong mula sa iba't ibang bansa sa wikang Hapon!



「Multicultural Chat Club – Online」

1 beses sa 1 buwan ay nag-uusap kami ng paksang pinili sa loob ng 1 oras. Ito ay isang lugar kung saan ang lahat ay makakapag--usap. Mayroong matutuklasan mula sa pakikinig sa mga kuwento ng mga tao mula sa iba't-ibang bansa.

◆ Paano Mag-apply

<https://forms.gle/cLm>

M8LAJmsozaQVB8



**Susunod na Petsa : Nobyembre 15, Miyerkules;
simula 7 : 30 hanggang 8 : 30 ng gabi.**

※Salit-salit na gaganapin tuwing weekdays at Sabado.

Gusto mo bang bisitahin ang isang pamilya sa Japan? -Impormasyon ng HobbyJit

Bibisitahin namin ang mga pamilyang Hapones at mararanasan ang buhay, kaugalian, at kultura ng mga Hapon.

●Petsa : Nobyembre 4,(Sabado) 5, (Lingo) 6, (Lunes)

※ Maaring pumili ng isang araw kung saan komportable

●Bayad sa paglahok : 500 Yen

Pag apply

●Durasyon ng aplikasyon:



Oktubre 2, Lunes hanggang

Oktubre 20, Biyernes

<https://forms.gle/myDUi6bzX1qArvTa6>

●Bilang ng kalahok : 10 Katao

※ Isa o dalawang tao ang bumibisita sa bawat pamilya.



Mga komento mula sa mga nakaraang kalahok

- Gumawa ako ng ekonomiyaki kasama ang aking host family
- Ang pinakanakakatuwang bagay ay ang pakikipag-usap habang kumakain ng lahat ng uri ng masasarap na pagkain.
- Naranasan ko ang kultura at kaugalian ng Hapon. Kung magkakaroon ako ng pagkakataon, gusto ko ulit na lumahok sa iba't-iba pang mga kaganapan.
- Naging kaibigan ko ang host family ko.

Magkano ang magagastos sa panganganak ? -Ating alamin ang sistemang makakatuong hinggil sa bagay na ito-

Sa panganganak ay maaaring gumastos ng humigit-kumulang 510,000 yen.

※Mula pagluluwal ng 1 bata hanggang sa paglabas sa ospital.

Kung mag-a-apply ng Childbirth & Childcare Lump Sum Allowance, makakatanggap ng halagang **400,000~420,000 yen** para sa bawat 1 bata mula sa Health Insurance pagkatapos ng panganganak.

<Benepisyo at Sistema hinggil sa Pagpapalaki Ng Anak>

Child Benefit: Ang pamilyang may mga anak o inaalagaang bata na ang edad ay hanggang Junior High School ay makakatanggap ng Child Benefit*.

Edad ng bata	Matatanggap na halaga
Hanggang mag-3 taong gulang	15,000 yen/month
Mula 3 ~ 12 taong gulang (hanggang pagtatapos ng elementarya)	10,000 yen/month:
Mula 12 ~ 15 taong gulang (hanggang pagtatapos ng junior high school)	10,000 yen/month:

* Maaaring hindi makatanggap ng benepisyo batay sa kabuuang halaga ng kinita. Tiyakin ito sa Lungsod ng Inuyama.

- Child Support Allowance: Ang pamilyang may 1 magulang lamang ay makakatanggap nito.
- Child's Medical Expenses Subsidy System: Ito ay ang sistemang binabayaran ng munisipalidad ang gastusing medikal ng bata.

* Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Lungsod ng Inuyama.

(Source: Inilathala ng Aichi Prefecture 『Shitte Anshin! Anata No Mirai To Okane No Marutto Guidebook (Makabubuting alamin ! Gabay hinggil sa iyong kinabukasan at pananalapi) 』)



Isang guidebook para sa iyong kinabukasan at pera.

Wika: Nihongo, Portuges, Intsik, Tagalog, Vietnamese, Espanyol, Ingles (7 na wika).

Para sa mga detalye →  <https://www.pref.aichi.jp/soshiki/tabunka/lifeplanguidebook.html>

Ang maasahang kakampi sa pamumuhay at trabaho- Ating gamitin ang 「JP-MIRAI Portal」

Ang site na 「JP-MIRAI Portal」 ay para sa ligtas at palagay na loob sa pagtatrabaho at paninirahan sa bansang Japan.

Pagtatrabaho



- Ang mga hindi nararapat gawin ng mga kumpanya
- Ang Sistema ng Technical Training
- Ang paghahanda para sa interview ng part time job

Paninirahan



- Regulasyon at kaugalian sa pamumuhay sa bansang Japan
- Ang paraan ng pagtatapon ng basura
- Ang paggamit ng pampublikong transportasyon (tren, bus, atbp.)

Pag-aaral



- Tayo ay bumuo ng plano para sa pag-aaral ng Nihongo
- Paano matututo ng Nihongo ang mga technical trainees.

Paglalahad ng karanasan



- Ang mga naging suliranin
- Kakulangan ng kooperasyon ng kumpanya sa pag-ri-renew ng visa.
- Biglaang dismissal ng Specified Skills holder
- Panganganak ng short-term visa holder
- Paglipat ng trabaho sa tulong ng support groups

Wika ng pagtugon: Nihongo, Ingles, Intsik, Vietnamese, Tagalog, Bahasa Indonesia, Burmese, Portuges, Espanyol (9 na wika).

Para sa mga detalye →

URL:
<https://portal.jp-mirai.org/ja>



Panayam sa language lesson instructor

Ang Inuyama International Association ay nagsasagawa ng language lessons sa pangunguna ng mga native speaker instructors. Sa pagkakataong ito, aming kinapanayam si Matsunami Annie na French language instructor.

Lugar ng kapanganakan: Quebec, Canada (Sa Quebec ay French at Ingles ang wikang ginagamit. Ang manner at pagkain ay hawig sa France.)

Kailan dumating sa Japan: Taong 2008

Ano ang nagustuhan sa bansang Japan: Sushi, Misoshiru, tofu, japanese liquor, onsen, kimono, tea ceremony, Ikebana, pigurin na gawa sa clay o dogu. (May interes sa Joumon era.)

Ang wikang French: Ang wikang French ay halos katulad ng Nihongo ang pagbigkas kung kaya naman madali itong matutunan. Ang mahalaga ay magkaroon ng maayos na komunikasyon, huwag masyadong pakaisiping ito ay mahirap. Nais kong subukan ninyo ang wikang French.

Mensahe para sa mga hapon: Huwag maging mahiyain. Nais kong matutunan ninyo ang kultura ng ibang bansa, maglakbay, makipagkaibigan sa mga banyaga at mas maunawaan ang mga ito. Mahalaga ang makipag-usap sa mga banyaga at makipagkaibigan sa kanila. Sana ay makipag-usap kayo sa kanila kahit pa sa wikang Nihongo. Kung sa mabagal na pagsasalita at madaling Nihongo, tiyak na makakayanan ang makipag-komunikasyon. Gumamit rin tayong electronic translation application.



(with a clay figurine)

※Ang iba pang wikang matutunan sa language classroom:
Pakikipag-usap sa Ingles, Hangle, Intsik, Aleman, Espanyol, Portuges.

※Para sa mga detalye⇒



Mayroong lugar kung saan maaring makihalubilo habang nasa aktibidad. Kahit kaunti lamang ang ng kaalaman sa Nihongo ay maaring makiisa.

Ang Inuyama International Association (IIA) ay magdaraos ng mga multicultural exchange event. Noong Agosto 6, 35 tao mula sa 7 bansa ang lumahok sa "Ishiage Festival," isang tradisyonal na Kaganapan sa Inuyama, bilang isang grupo ng Inuyama International Association (IIA). Ang grupo ng IIA ay binubuo ng 35 kalahok mula sa apitong bansa. Narito ang ilang komento mula sa mga kalahok!

Nag-enjoy ako nang husto.
Mahirap ang naging pagpanhik subalit ako ay nasiyahan dito.
Napakaganda ng tanawin mula sa tuktok ng bundok. Marami rin akong nakitang magagandang tanawin sa aking bansa.



Ang tawag sa nakalagay sa aking ulo ay 「belangko lambang bendera」. Sa Araw ng Kalayaan ng Indonesia sa petsang Agosto 17, ito ay aming isinusuot. Gayundin naman, itinataas ang bandila at may iba't-ibang kumpetisyon katulad ng tug-of-war at iba pang palaro.



Unang beses ko pa lang sumama sa aktibidad na ito at talagang nag-enjoy ako. Mahirap ang naging pagpanhik subalit nasiyahan ako. Dagdag pa rito, kasama ko ang lahat sa pagpanhik kaya nakatutuwa. Gusto ko ulit na maulit. Nag-enjoy ako sa Ishiage Festival. Masarap rin ang onigiri o rice ball. Sa susunod na taon ulit!



Home Page
<http://iiea.info>



Facebook
「Inuyama International Association」



Ang onomatopoea sa oras ng pagkakasakit

(Source: Waku Waku Kotoba Onomatopoeia NHK Nagoya <https://www.nhk.or.jp/nagoya/neighbors/pdf/onomatope.pdf>)

Chiku-chiku



Parang tinutusok ng karayom sa sakit. Hal. Onaka ga chiku-chiku suru. (Masakit ang tiyan ko na parang tinutusok ng karayom.)

Muka-muka



Masama ang pakiramdam na tila magsusuka. Hal. I ga muka-muka suru. (Masama ang pakiramdam ko at tila ako ay masusuka.)

Kiri-kiri



Masyadong masakit at hindi matiis ito. Hal. Onaka ga kiri-kiri suru. (Masyadong masakit ang tiyan ko at hindi ko matiis.)

Zoku-zoku



Parang nilalagat at giniginaw, Nanginginig ang buong katawan. Hal. Zenshin ga zoku-zoku suru. (Giniginaw na tila nilalagat at nanginginig ang aking buong katawan.)

Cool Japan

Komiks at Anime

Alam ba ninyo ang 「ONE PIECE」、 「Dragon Ball」、 「SLAM DUNK」 ? Ang komiks at anime ng bansang Japan ay popular sa buong mundo. Bakit kaya popular ito maging sa ibang bansa?

Sinasabing ang mataas na kalidad ng ilustrasyon at musika ang dahilan kung bakit ito popular maging sa ibang bansa. Marami ang nabibighani sa detalyadong galaw at ekspresyon ng mukha ng bawat karakter, at ang parang totoong mga gusali na makikita sa bawat kuwento.

Gayundin naman, mayroong kuwentong tungkol sa paaralan, love story, Science Fiction, adventure, mystery, action, atbp. malawak ang genre na ipinapakita nito kaya naman hindi lamang bata kundi pati mga adulto ay nasisiyahan rito.

Isa pang nakatutuwa ay ang malalim na kuwento ng mga ito. Ilan dito ay ang 「Sen to Chihiro no Kamikakushi」 at 「Mononoke Hime」 na likha ni Miyazaki Hayao, direktor ng Ghibli artworks na ito.

Tuwing Agosto ng bawat taon ay nag-iipon sa Nagoya City, Aichi Prefecture ang mga cos-player ng mga popular na anime. Ito ay dinadaluhan ng mga cos-player mula sa iba't-ibang bansa at naglalakad sa parada sa Ohsu Shopping Arcade.



Monkey D Luffy
(ONE PIECE)



Nami (ONE PIECE)



Roronoa Zoro
(ONE PIECE)

Inuyama Multilanguage Newsletter Publikasyon/Editor: Inuyama International Multiexchange Association
〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』
TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356 HP : <http://iiea.info> E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Boluntaryong tagapagsalin ng wika:

Ingles: Kusakabe Kazuro, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Steve McGuire

Espanyol: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagui Mitsue, Yoshida Gisele

Chinese: Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnam: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria